# ARALING PANLIPUNAN 4

**TEST I. PANUTO:** Basahin at isulat ang letra kung anong sangay ng pamahalaang pambansa ang tinutukoy sa mga sumusunod na pahayag.

**A** Lehislatibo (Legislative) **B** Ehekutibo (Executive) **C** Hudikatura (Judiciary)

________ 1. Ito ay pinamumunuan ng pangulo, bilang punong tagapagpaganap.

________ 2. Kapangyarihan ng sangay na ito na magpasiya kung wasto ang pagpapatupad ng batas.

________ 3. Binubuo ito ng mga hukum.

________ 4. Tungkulin nitong magpatupad ng batas.

________ 5. Tungkulin nitong bumuo, magrebisa, o magpawalang-bisa ng batas.

**TEST II. PANUTO:** Basahin ng mabuti ang mga katanungan at bilugan ang letra ng tamang sagot.

6. Ano ang tawag sa pangkat ng tao na namumuno sa isang estado?

**a. Republikano** **c. Kumpanya**

**b. Pamahalaan** **d. Organisasyon**

7. Paraan ng pagpili ng Pangulo at Bise-presidente:

**a. Halalang Nasyonal** **c. Pagtalaga ng punong mahistrado**

**b. Pagtaas ng Kamay** **d. Pagpili ng kinatawan**

8. Idinadaos ang Eleksiyon ng mga bagong opisyal ng Pamahalang pambansa sa tuwing ika-anim na taon sa buwan ng Mayo. Anong halimbawa ng demokrasya ang mayroon ang bansang Pilipinas?

**a. Liberal na demokrasya** **c. republikano**

**b. tuwirang demokrasya** **d. di-tuwirang demok rasya**

9. Anong halimbawa ng demokrasya kapag ang mamayan ay bumoboto para sumang-ayon o tumutol sa isang panukalang-batas?

**a. Liberal na demokrasya** **c. republikano**

**b. tuwirang demokrasya** **d. di-tuwirang demokrasya**

10. Paano ba nakakatulong ang pamahalaan sa mamamayan ng isang bansa?

**a. Ang pamahalaan ay ginagamit ang pondo ng bayan sa mga walangkatuturan na bagay.**

**b. Ang pamahalaan ay nagbibigay tulongpinansiyal sa mga mayayamang pamilya.**

**c. Ang pamahalaan ay pinangangalagaan ang lipunan at tinitiyak ang kaayusan at kapayapaan ng mamamayan.**

**d. Ang pamahalaan ay hinahayaan ang mga dayuhan na angkinin at sakopin ang kanilang bansa.**

LIVEWORKSHEETS

**TEST III. PANUTO:** Isulat sa patlang ang **PB** kungang nabanggit na posisyon ay kabilang sa Pamahalaang Pambansa. Isulat namanang **PL** kungsa Pamahalaang Lokal.

________ 11. Gobernador
________ 12. Senador
________ 13. Mayor
________ 14. Kapitan
________ 15. Korte Suprema

**TEST IV. PANUTO:** Sagutin ang katanungan sa pamamagitan ng pagbibigay ng maikling paliwanag na hindi bababa sa dalawang (2) pangungusap.

**Anong pangunahing problema sa lipunan ang nakikita mo sa ating bansa ngayon? Paano kaya nakakaapekto ang uri o istruktura ng pamahalaan natin sa pagtugon nila sa problemang ito, lalo na kapag may krisis?**

*What major social problem do you see in our country today? How do you think the type or structure of our government affects how they respond to this problem, especially during a crisis?*

**Pangunahing Suliraning Panlipunan:**

***Matapos makaisip ng suliranin, paano mo naman ito sosolusyunan? Mag-isip ng dalawang ideyang maaring makatugon sa suliraning iyong ibinigay. Kailangan tangible o magagamit ng mga ordinaryong mamamayan. Isulat sa loob ng kahon ang dalawang ideya sa anyong pangungusap.***

**Unang Ideya:**

**Pangalawang Ideya:**

| **PAMANTAYAN** | | | |
|---|---|---|---|
| **Advanced (5)** | **Proficient (4)** | **Approaching Proficiency (3)** | **Developing (2)** |
| Napakahusay: Ipinakita ang malalim na pang-unawa sa paksa, may detalyadong paliwanag na walang pagkakamali, at natapos ang gawain na may dagdag na inisyatiba o pagpapahusay. | Mahusay: Malinaw na naipaliwanag ang paksa, may iilang maliit na pagkakamali, ngunit sapat at kumpleto ang mga sagot at gawain. | Katamtaman: Naipakita ang pangunahing pang-unawa, ngunit kulang sa detalye at may ilang hindi malinaw na bahagi; may mga bahaging hindi natapos o nakumpleto. | Nagsisimula: May kakulangan sa pang-unawa, maraming bahagi na hindi malinaw, at may mga maling impormasyon; hindi natapos ang gawain o may malalaking kulang. |

LIVEWORKSHEETS